BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Ipagdiwang ang Recreation at Seniors Month sa Lungsod ng Brampton

BRAMPTON, ON (Mayo 31, 2023) – Ipagdiwang ang Recreation at Seniors Month sa Brampton na may mga aktibidad at event sa buong Hunyo.

Alamin ang tungkol sa mga benepisyo ng nakakalusog na aktibidad sa pamamagitan ng paglahok sa Recreation Month o Buwan ng Paglilibang sa Brampton, na may libreng programa at espesyal na mga event, kabilang ang National Health at Fitness Day at International Yoga Day.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga programa at event, bisitahin ang www.brampton.ca/recmonth.

**National Health at Fitness Day**
Hunyo 3, 10 am – 12 pm
Chinguacousy Park
9050 Bramalea Rd
10 am – 12 pm

**International Yoga Day**
Hunyo 21, 7 – 9 pm
Mount Pleasant Square
100 Commuter Dr.

Sa pagdiriwang sa Hunyo ay ang Seniors Month, ang Lungsod ng Brampton ay nagpapatuloy sa pakikilahok at pagdiriwang sa populasyon ng mga senior (matatanda) na naninirahan sa komunidad.

Ang mga nasa hustong gulang na edad 55 at higit pa ay iniimbitahan na sumama sa amin sa pagdiriwang sa espesyal na mga event at libreng mga programa sa buong buwan ng Hunyo, kabilang ang Springfest at isang Fire Safety Open House.

**Springfest**
Hunyo 16
Expo, 10 am – 12 pm
Tanghalian at Sayaw, 12 – 3 pm
Century Gardens Recreation Centre
340 Vodden St E.

Ang Springfest ay itinataguyod ng BioPed, Revera, Toronto Pearson at Vyta.

Iniimbitahan ng Brampton Fire and Emergency Services ang mga senior na dumaan sa kanilang open house kung saan matutunan nila ang tungkol sa pag-iwas sa sunog at pagkatumba, makilala ang mga

tauhang Bumbero at makihalubili sa mga partner sa komunidad, na may papremyo at giveaways para sa lahat.

**Fire Station Open House**
Hunyo 21, 10 am – 2 pm
Fire Station 207
75 Vodden St. E.,

Para malaman ang iba pa, tawagan ang 905.458.5580 o mag-email sa firelife@brampton.ca.

Sa pamamagitan ng Age-Friendly Strategy, ang Lungsod ay nakatuon sa pagtugon sa katangi-tanging mga pangangailangan ng mga residente sa lahat ng yugto ng buhay, sa pamamagitan ng pag-develop at disenyo ng kumpleto, sustenableng mga komunidad.

Pinasimulan ng Lungsod ng Brampton ang Seniors Resource Directory noong 2022 bilang bahagi ng natanggap na New Horizons grant. Ang layunin ng directory ay makapagbigay ng access sa mahahalagang resource sa pag-click ng button, na tumutulong sa mga taong makahanap ng mga serbisyong kailangan. Ang directory ay inuri sa 12 paksa na kaugnay sa mga tema para mas mapaganda ang karanasan ng user at mas mapadali ang pag-navigate.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Seniors' Month bisitahin ang www.brampton.ca/seniorsmonth.

**Mga Quote**

"Ang paglikha ng lungsod na nakakabuti sa lahat kung saan ang mga tao ay pwedeng mamuhay sa kanilang pinakamagandang buhay sa bawat yugto ay isang mahalagang prayoridad para sa Lungsod ng Brampton. Ang pag-aalok ng access sa komunidad at suporta  sa mga matatanda ay nakakalikha ng pakiramdam na nabibilang. Hinihintay ko ang pagdiriwang sa Recreation at Seniors Month, sinasaliksik ang lahat ng panlibangang mga oportunidad na maiaalok ng Brampton at paggalang sa makahulugang mga kontribusyon para sa mga matatandang mamamayan sa Brampton."

*- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

"Tayo ay mas malakas kung magkakasama at at kapag inaalagaan natin ang isa't isa at ang ating mga sarili sa pamamagitan ng pag-access sa mga programang panlibangan, nakakatulong tayo sa pagtatayo ng mas nakakalusog na pundasyon para sa komunidad. Sa Hunyo na ito, habang ipinagdiriwang natin ang Recreation at Seniors' Month, iniimbitahan ko ang lahat na saliksikin ang ilang katangi-tanging saya at nagsasali sa lahat na programa na pinagsisikapan ng aming team sa likod ng eksena para ihatid sa mga residente."

*- Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Media Release**

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng halos 700,000 tao at higit sa 90,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca